
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 13: Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 13: Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Aisa Ali, Jessa Mae R. Pendon,
Ruthel C. Albessa, Linor B. Majestad

**Editor:** Cristy Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Myrene M. Saragena, edd

**Tagawasto:** Iris Kristine A. Mejos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Jonathan Sensano, Oscar L. Edig
Maria Liza Juanir at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul
Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay
Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos
Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera
Mary Jane M. Mejorada, Alma Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

Unang Markahan – Modyul 13:
Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra
at mga Bantas

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matutulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong mauunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matutulungan kang maiuugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksiyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksiyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matutulungan kang mauunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawain para sa pamatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pagpupuno sa patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kasanayan.

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng mga batayan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin muna ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing nakapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin muna ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng mga pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa nanay o tatay mo, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kaming sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kasanayan. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Sa modyul na ito, matutuhan mong gamitin ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, salitang hiram at salitang dinaglat, parirala, pangungusap at talata.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata (F3PU-Ig-i-4, F3PU-IId-4, F3PU-IIId-2.6, F3PU-IVd-f-4).

# *Subukin*

I. Sagutin mo ang sumusunod.

1. Burahin mo ang letrang x at kopyahin sa patlang ang nabuong salita.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| x | p | a | x | x | n | x | d | e | x | m | x | y | x | a |

______________________- ito ay isang epidemyang sakit na nakahahawa at kumakalat sa isang lugar, mga karatig lugar, buong bansa at sa buong mundo. Halimbawa: Coronavirus Disease 2019

2. Si Pedro ay nagmamano sa kaniyang mga magulang. Siya ay isang batang ________________. Anong katangian ang ipinapakita ni Pedro? Ang pagiging _____.

   a. mapitagan  b. kapatagan  c. masayahin

3. Ang tagapagsalita ni Pangulong Rodrigo Duterte ay si Attorney Harry Roque. Ano ang daglat ng salitang may salungguhit?
   a. Att.   b. Atty.   c. Atny.

4. Si Heneral Gregorio del Pilar ay isang magiting na bayaning Pilipino. Alin ang tamang daglat ng salitang Heneral?
   a. Hene.   b. Henl.   c. Hen.

5. Hanapin mo sa **puzzle** ang mga salitang hiram sa tulong ng mga kahulugan sa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel o kuwaderno.

| | |
|---|---|
| • nilalaro sa **internet** | • kalye o daan |
| • manggagamot | • tagapatupad ng batas |
| • tagaplano ng gusali, bahay at kalsada | • gamit pangtawag o pang-**text** |

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| c | e | l | l | p | h | o | n | e | t | t | x | s |
| t | d | v | i | d | e | o | g | a | m | e | j | t |
| r | o | g | p | n | e | n | g | i | n | e | e | r |
| e | c | c | k | e | q | q | q | h | n | c | k | e |
| t | t | r | r | c | q | f | h | h | m | c | q | e |
| p | o | l | i | c | e | x | q | j | w | f | c | t |
| p | r | l | l | c | c | f | f | f | j | j | q | q |

| Aralin 1 | Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas sa Pagsulat ng mga Salitang Natutuhan sa Aralin, Salitang Hiram at Salitang Dinaglat |
|---|---|

## Balikan

Isulat nang wasto ang mga salitang nasa Hanay A sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| martes | |
| juan cruz | |
| disyembre | |
| diego zamora | |
| durian avenue | |

## Tuklasin

Sa Panahon ng Pandemya

ni: Aisa Ali

Tumigil ang pag-ikot ng mundo ng mga tao sa pagdating ng pandemyang **Coronavirus Disease** (COVID 19). Isa na rito si Mang Kardo na isang **Overseas Filipino Worker** (OFW). Masaya siyang umuwi sa Pilipinas upang makapiling ang kaniyang pamilya.

Pagdating sa bansa ay matapat niyang sinagot ang **Health Declaration Card** ng **Bureau of Quarantine** (BOQ). Sinuri siya gamit ang **thermal scanner** at nakitang may lagnat siya. Dinala siya sa isang ospital upang i-**quarantine** at upang mamonitor ang kaniyang kalagayan. Hindi na muna siya pinauwi sa kanilang bahay. Pagkalipas ng tatlong linggo ay nakauwi na rin si Mang Kardo. Masaya siya nang makita ang kaniyang pamilya.

"Salamat po sa Panginoon, hindi ako nahawaan ng sakit". Mangiyak-ngiyak na sabi ni Mang Kardo.

I. Sagutin ang mga tanong tungkol sa teksto.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ____________________________________
2. Sino ang pangunahing tauhan? ____________________________________
3. Ano ang pandemyang kumakalat sa kuwento? __________________
4. Sa anong paraan ka makatutulong sa panahon ng pandemya? ____________________________________________________________

II. Basahin mo ang mga pangungusap. Bilugan ang salitang hiram.

1. Bumili ng **toothpaste** si Jana sa tindahan.
2. Nagluto ng **spaghetti** si Ate Donna.
3. Ako ay naglalakad sa Flores **Street**.
4. Masayang naglalaro ang mga bata ng **video game**.
5. May libreng gupit ang Carl's **Barbeshop**.

III. Pagtambalin mo ang mga salitang may salungguhit sa Hanay A sa dinaglat na mga salita na nasa Hanay B. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. <u>Ginang</u> Tan | __________ | Mt. |
| 2. <u>Binibining</u> Cruz | __________ | G. |
| 3. <u>Ginoong</u> Paul | __________ | Bb. |
| 4. <u>Mount</u> Mayon | __________ | St. |
| 5. Roxas <u>Street</u> | __________ | Gng. |

# Suriin

I. Pag-aralan pa nang mabuti ang gamit ng malaki at maliit na letra na natutuhan sa aralin.

| Gamit ng Maliit na Letra | Gamit ng Malaking Letra: |
| --- | --- |
| hindi tiyak na ngalan ng:<br>• araw,hayop, lugar,tao, pangyayari, bagay, buwan, aklat, kuwento/awitin/tula | tiyak na ngalan ng:<br>• araw,hayop, lugar, tao, pangyayari, bagay (**brand name** o tatak), buwan, pamagat ng aklat, pamagat ng kuwento/awitin/tula |

| Maliit na Letra sa Hindi Tiyak na Ngalan | Malaking Letra sa Tiyak na Ngalan |
| --- | --- |
| araw | Sabado |
| bansa | Pilipinas |
| bayani | Jose Rizal |
| pangulo | Pang. Rodrigo R. Duterte |
| pandemya | Coronavirus Disease 2019 |
| buwan | Enero |
| aso | German's Shepherd |
| bolpen | Panda |
| aklat | Mga Pambansang Produkto |
| kuwento | Sa Panahon ng Pandemya |

A. Salitang hiram ang tawag sa mga salitang nagmumula sa ibang bansa o salitang banyaga gaya ng Ingles na ginagamit natin tulad ng **helmet**, **cellphone**, **dice**, **resort**, at **internet**.
B. Salitang dinaglat ang tawag sa mga salitang pinaikli. Ito ay nagsisimula sa malaking letra kapag idinudugtong sa tiyak na ngalan at nagtatapos sa tuldok. Ito ay maaaring hiram na salita o salitang Filipino.

| Mga Salitang Hiram | Dinaglat na Salita | Halimbawa |
|---|---|---|
| mount | Mt. | Mt. Taal |
| street | St. | Rizal St. |
| engineer | Engr. | Engr. Rona Cruz |
| Mga Salitang Filipino | Dinaglat na Salita | Halimbawa |
| konsehal | Kon. | Kon. Helen Tan |
| binibini | Bb. | Bb. Liza Santos |
| ginoo | G. | G. Andy Lim |

# Pagyamanin

I. Piliin mo ang hinihinging uri ng ngalan sa bawat bilang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| (tiyak na ngalan) | 1. lungsod | Davao | rehiyon |
| (di- tiyak na ngalan | 2. tao | Reyes | Amerika |
| (tiyak na ngalan) | 3. guro | bata | Dindo |
| (tiyak na ngalan) | 4. Pilipinas | mapa | bansa |
| (di- tiyak na ngalan | 5. lugar | Sulu | Mindanao |

II. Isulat mo sa sagutang papel ang SH kung Salitang Hiram at H kung Hindi.

__________ 1. lungsod
__________ 2. photocopier
__________ 3. Claire's Beauty Salon
__________ 4. bundok
__________ 5. Aisa's Beach Resort

III. Kopyahin ang gawaing ito sa sagutang papel o kuwaderno. Ikonek mo ang mga salita sa Hanay A sa daglat nito sa Hanay B.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. Binibini | • | • Okt. |
| 2. Ginang | • | • Sr. |
| 3. Senior | • | • Prop. |
| 4. Propesor | • | • Bb. |
| 5. Oktubre | • | • gng. |

# Isaisip

Tandaan mo, ang gamit ng ______________ na letra ay para sa hindi tiyak na ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari. Ang malaking letra naman ay ginagamit sa tiyak na ngalan ng ______________, ______________, ______________, ______________ at ______________.

Ang ____________________ ay nagmumula sa wika ng ibang bansa na ginagamit natin sa pakikipag-usap tulad ng **engineer**, **street**, at **school**.

Sa pagdadaglat ng salita, ito ay nagsisimula sa malaking letra at magtatapos sa tuldok tulad ng Engr**.** Alvin Cruz, Rizal St**.**, Mangga Elem. Sch**.**

# Isagawa

I. Iwasto ang pagkakasulat ng mga salita gamit ang malaki o maliit na letra. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Watawat
2. luzon
3. filipino
4. Palengke
5. melchora aquino

II. Isulat sa papel o kuwaderno ang mga salitang hiram.

ink ulam jeep dahon East Avenue

internet kahon bulaklak toothpaste

III. Tukuyin ang tamang daglat ng salita. Piliin sa loob ng kahon ang sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| St. | Sen. | Hen. | Pang. | Dr. |

1. Doktor De Veyra =___________________________
2. Pangulong Duterte =___________________________
3. Senador Go =___________________________
4. Heneral Dominggo =___________________________
5. Durian Street =___________________________



## *Tayahin*

Sagutin mo ang sumusunod. Kopyahin sa papel ang letra ng tamang sagot.

1. Si ________ay mabait na guro. Paano isusulat ang ngalan ng tao?

a. Bb. Santos  b. BB.Santos  c. bb. Santos

2. Nakatira si Ben sa _______. Alin ang tamang pagkasulat sa ngalan ng lugar?

a. Davao City  b. Davao city  c. DAVAO city

3. Ano ang tamang daglat ng salitang Mount Pinatubo?

a. mt. Pinatubo  b. Mt. Pinatubo  c. mt. PinatubO

4. Kung ang buong pangalan ng doktor ay Dr. Dino C. Cruz, paano naman isusulat ang buong pangalan ng abogado?

a. Atty. Vic C. cruz  b. atty. Vic C. cruz  c. Atty. Vic C. Cruz

5. Basahin ang pangungusap at hanapin ang mali ang pagkasulat.

martes ang ikalawang araw ng linggo.

a. ang  b. araw  c. martes

## Karagdagang Gawain

I. Punan mo ng tiyak na pangalan ang hinihingi sa ibaba.

1. ospital -________________________________
2. ibon -________________________________
3. parke -________________________________
4. engineer -________________________________
5. paaralan -________________________________

II. Piliin mo ang mga salitang hiram sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| unan | ilaw |
| pinggan | detergent |
| cellphone | photocopier |
| Rowelyn's Inland Resort | Coronavirus Disease 2019 |

III. Isulat mo sa papel o kuwaderno ang daglat ng sumusunod na salitang tinutukoy.

| Salita | Dinaglat |
|---|---|
| Disyembre | 1. _____________ |
| Bonifacio Street | 2. Bonifacio _________ |
| Barangay Madaum | 3. __________ Madaum |
| Pebrero | 4. __________ |
| Gobernador Lukas | 5. __________ Lukas |

# Aralin 2 Pagsulat ng Parirala at Pangungusap

Magandang araw sa iyo!


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata **(F3PU-Ig-i-4, F3PU-IId-4, F3PU-IIId-2.6, F3PU-IVd-f-4)**.

## Subukin

Tingnan mo ang bawat larawan at sabihin kung ano ang ginagawa ng bawat isa.


1



2



3



1. Ano ang masasabi mo sa bawat larawan?
    a. Gawain sa loob ng bahay
    b. Gawain sa loob ng paaralan
    c. Gawain sa bahay, paaralan at pamayanan

2. Ano kayang okasyon mayroon sa unang larawan?
    a. May parada sa barangay
    b. May liga sa isang barangay
    c. May kaarawan ang kapitan sa barangay


3. Bakit kailangang makilahok sa paglilinis ng paligid?
    a. Upang maging makulay ang paligid
    b. Dahil may multa kung hindi ka sasali
    c. Upang maging malinis at kaaya-ayang tingnan ang paligid.

# Balikan


Kopyahin at punan mo ng letra ang patlang ayon sa larawan.



1. ang ____ata



2. ang ______ama




3. ang mga ____ulay




4. si _____ola Kora

# Tuklasin

I. Isulat sa papel o kuwaderno ang angkop na salita upang mabuo ang parirala o pangungusap.



1. ang ______________



2. ang ______________



3. Ang ______________ ay umiiyak.



4. Ang __________ ay natutulog.





5. Ang ________ ay lumilipad.



# Suriin

Pag-aralan mo ang sumusunod.

| | Parirala | Pangungusap |
|---|---|---|
|  | ang bata | Ang bata ay kumakain ng sorbetes. |
|  | ang mga aso | Ang mga aso ay tumatahol sa estranghero. |
|  | si Bb. Reyes | Si Bb. Reyes ang bagong guro. |
|  | ang tsokolate | Ang tsokolate ay paborito ng bata. |
|  | may sunog | Saklolo! May sunog. |

A. Parirala ang tawag sa lipon ng mga salita na hindi kumpleto ang diwa, nagsisimula sa maliit na letra at walang bantas.
B. Pangungusap ang tawag sa salita o lipon ng mga salita na kumpleto ang kaisipan, nagsisimula sa malaking letra at mayroong bantas.
   - Ang tuldok ( . ) ay ginagamit na bantas sa pangungusap na pasalaysay.
   - Tandang pananong ( ? ) ay ginagamit sa pangungusap na patanong.
   - Ang tandang padamdam ay ginagamit sa pangungusap na nagpapahayag ng matinding bugso ng damdamin.

## Pagyamanin

I. Isulat mo sa papel o kuwaderno ang Parirala kung ang pahayag ay parirala at Pangungusap naman kung ito ay pangungusap.

____________________1. ang mga tao
____________________2. Maraming bata ang naglalaro sa parke.
____________________3. Masayahing bata si Ani.
____________________4. puno ng tao
____________________5. ang guro at ang mga bata

II. Kopyahin mo ang mga pangungusap at punan ng tamang bantas.

1. Sino ang ating pambansang bayani
2. Ang watawat ng Pilipinas ay may tatlong bituin
3. Aray Masakit ang ngipin ko.
4. Maari ko bang hiramin ang iyong lapis
5. Paano maiiwasan ang pagkalat ng Coronavirus Disease

## Isaisip

A. Parirala ang tawag sa lipon ng mga salita na hindi kumpleto ang diwa, nagsisimula sa maliit na letra at walang bantas.


B. Pangungusap ang tawag sa salita o lipon ng mga salita na kumpleto ang kaisipan, nagsisimula sa malaking letra at mayroong bantas.

Mga Uri ng Bantas:


1. Ang ___________ ay ginagamit sa hulihan ng pangungusap na pasalaysay.
   Halimbawa: Si Mang Lino ay mabait na kapitbahay.
2. Ang tandang ___________ ay ginagamit sa hulihan ng pangungusap na patanong.
   Halimbawa: Ano ang paborito mong kulay?
3. Ang tandang ___________ ay ginagamit sa hulihan ng pangungusap na padamdam.
   Halimbawa: Yehey! Pumasa ako sa pagsusulit!

## Isagawa


Suriin ang bawat larawan. Punan mo ang patlang ng tamang parirala upang mabuo ang pangungusap.

1. 


Parirala: nagbabasa ng aklat
Pangungusap: ____________________ay nagbabasa ng aklat.

2. 


Parirala: ang aso
Pangungusap:
Ang aso ay ________________________________.

3. 

Parirala: nagwawalis sa bakuran
Pangungusap:
_________________ay nagwawalis sa bakuran.

4. 

Parirala: si Aling Elena
Pangungusap:
Si Aling Elena ay____________________.

5. 

Parirala: ay nagsasabit ng banderitas
Pangungusap:
__________________ay nagsasabit ng banderitas.

# Tayahin

I. Isulat mo sa patlang ang parirala kung parirala at pangungusap kung pangungusap.

1. Si Nemi ay maganda. ________________
2. lata at papel ________________
3. Ako ay masipag mag-aral. ________________
4. Ilan ang bituin sa watawat ng Pilipinas? ________________
5. sa malayo ________________

II. Punan ng tamang bantas ang mga pangungusap sa talata. Isulat ang sagot sa papel o kuwaderno

Si Rem

ni: Aisa Ali

1.Si Rem ay isang masipag na bata__ 2. Tumutulong siya sa mga gawain sa bahay at paaralan__ 3.Palagi siyang pinupuri sa kaniyang kasipagan__ 4.Ano kaya ang sikreto niya__ 5.Aha__ Alam ko na. Mahal pala niya ang mga taong nakapaligid sa kaniya.

# Karagdagang Gawain

I. Isulat mong muli ang mga pangungusap. Pansinin ang wastong gamit ng malaking letra.

1. nanguna si Karen sa klase.

________________________________________________

2. saan ka pupunta?

________________________________________________

3. Ako ay nagbakasyon sa tagum city.

________________________________________________

## Alamin


Magandang araw sa iyo!

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata **(F3PU-Ig-i-4, F3PU-IId-4, F3PU-IIId-2.6, F3PU-IVd-f-4)**.

## Subukin


Bilugan mo ang letra na nagpapakita ng wastong pagkakasulat ng pangungusap batay sa larawan.



1. a. Ako si Lino.
   b. ikaw si Lino?
   c. Siya ay si Lino.



2. a. nanalo Ako!
   b. Nanalo Ako!
   c. Nanalo ako.



3. a. Siya ang magdadala ng damit
   b. siya ang magdadala ng damit.
   c. Siya ang magdadala ng damit.

# Aralin 3 Pagsulat ng Talata

## Balikan

Kompletuhin mo ang pagkakasulat ng pangungusap gamit ang tamang bantas na nasa loob ng kahon.

| . | ? | ! |
|---|---|---|

1. Si Bb. Reyes ang aking guro sa Filipino__
2. Tutulong kami sa mga taong nasalanta ng bagyo __
3. Sino ang kumuha ng aking pagkain __
4. Aray __ Napaso ako ng kandila.
5. Ito pala ang Mt. Taal __

## Tuklasin

Basahin mo ang kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

Ang Plano ni Malou

Isinulat ni Aisa Ali

Ipinakita ni Malou sa nanay niya ang listahan ng kaniyang mga gagawin sa araw na walang pasok.

"Una, gigising po ako sa ikaanim ng umaga. Pangalawa, aayusin ko po ang aking higaan. Pangatlo, pagkatapos ko pong maligo at mag-ayos ng sarili, mag-aagahan po ako. Pang-apat, tutulong po ako sa paghuhugas ng pinggan at sa paglilinis po ng bahay. Panghuli, magsasanay po ako ng cursive writing, ito po ang bilin ng aking guro," pagbabahagi ni Malou.

"Maganda ang mga plano mo, anak," ang masayang saad ng nanay ni Malou. "Malaki ang maitutulong mo sa amin at sa iyong sarili."

1. Ano ang pamagat ng iyong binasa?
2. Kung ikaw ang bata sa kuwento, ganito rin ba ang gagawin mo?
3. Sa palagay mo, bakit kaya natuwa ang nanay ni Malou?

## Suriin

Pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon.

Ang kuwentong iyong binasa ay binubuo ng mga talata.

Ang talata ay binubuo ng isang pangungusap o mga pangungusap na nagpapahayag ng ideya, damdamin o diwa tungkol sa pinag-uusapan o paksa.

Ang unang salita ng unang pangungusap nito ay nakapasok. Ang bawat pangungusap ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa bantas.


## Pagyamanin

I. Basahin mo ang kuwento sa ibaba at sagutin ang tanong. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

Ang Mesa ni Sima

ni: Aisa Ali

Palaging nagwawalis sa ilalim ng kaniyang mesa si Sima. Ano kaya ang winawalis niya? Alam ko na! Balahibo pala ng alagang aso niya.



1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Ilang talata mayroon ito
3. Ilan ang pangungusap sa talata?

## Isaisip

Ang ___________ ay binubuo ng isang pangungusap o mga pangungusap na nagpapahayag ng ideya, damdamin o diwa tungkol sa pinag-uusapan o paksa.

Ang unang salita ng unang pangungusap nito ay nakapasok. Ang bawat pangungusap ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa bantas.

## Isagawa

Isulat mo nang tama ang mga talata sa kuwaderno.

Ang Kaarawan
ni: Jessa Mae R. Pendon




nakita ni Karla ang kalendaryo sa kanilang bahay. iilang araw na lang pala at kaarawan na niya. kumuha siya ng kuwaderno at bolpen. isinulat niya ang kaniyang mga plano para sa kaniyang kaarawan.

kaarawan na niya. abala ang lahat sa bahay. dumating ang kaniyang mga bisita at binati siya ng maligayang kaarawan. masayang-masaya si Karla dahil natupad ang kaniyang plano sa kaniyang kaarawan.

# Tayahin

Isulat nang wasto ang talata sa papel.



Ang Aking Pusa
ni: Aisa Ali

ito ang aking pusa. kura ang pangalan niya. siya ay may maputing balahibo at malambing. mahilig siyang matulog sa ibabaw ng aming upuan.

# Karagdagang Gawain

Sumulat dalawang talata tungkol sa larawan.



| Rubriks sa Pagsulat ng Talata | | | |
|---|---|---|---|
| Mga Krayterya | 5 | 3 | 1 |
| Presentasyon | Tama at malinis ang pagkasulat ng talata | Malinis ngunit hindi tama ang pagkasulat ng talata | May kahirapang basahin ang pagkasulat ng talata |
| Baybay ng mga salita, paggamit ng malaki at maliit na letra at mga bantas. | Nagagamit nang tama ang malaki at maliit na letra at mga bantas, tama ang baybay ng mga salita | Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas ngunit mali ang baybay ng mga salita. | May mali sa paggamit ng malaki at maliit na letra at mga bantas. |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. a
2. b
3. c

**Balikan**

1. .
2. .
3. ?
4. !
5. .

**Tuklasin**

1. Ang Plano ni Malou
2. Oo
3. Natuwa ang nanay ni Malou dahil makatutulong ito sa kanila at sa sarili ni Malo (tanggapin ang sagot ng bata)

**Pagyamanin**

I. 1. Ang Mesa ni Sima 2. 1 3. 3

II. Palaging nagwawalis sa ilalim ng kaniyang mesa si Sima. Ano kaya ang winawalis niya? Alam ko na! Balahibo pala ng alagang aso niya.

**Isaisip**

-talata

**Isagawa**

Nakita ni Karla ang kalendaryo sa kanilang bahay. Ilang araw na lang pala at kaarawan na niya. Kumuha siya ng kuwaderno at bolpen. Isinulat niya ang kaniyang mga plano para sa kaniyang kaarawan.

Kaarawan na niya. abala ang lahat sa bahay. Dumating ang kaniyang mga bisita at binati siya ng maligayang kaarawan. Masayang-masaya siya dahil natupad ang kaniyang plano sa kaniyang kaarawan.

**Tayahin**

Ito ang aking pusa. Kura ang pangalan niya. Siya ay may maputing balahibo at malambing. Mahilig siyang matulog sa ibabaw ng aming upuan.

**Karagdagang Gawain**

Bigyang-pansin ang gamit ng malaki at maliit na letra at bantas.

Subukin

1. c
2. b
3. c

Balikan

1. b
2. k
3. g
4. L

Tuklasin

1. ospital/*hospital*
2. aso
3. bata
4. pusa
5. ibon

Pagyamanin

I.
1. parirala
2. pangungusap
3. pangungusap
4. parirala
5. pangungusap

II.
1. ?
2. .
3. !
4. ?
5. .

Isagawa

1. Ang bata
2. nagatatago sa ilalim ng mesa (bigyang pokus ang gamit ng maliit na letra)
3. Si Lino (Bigyang pokus ang gamit ng malaking letra)
4. mapagmahal (bigyang pokus ang gamit ng maliit na letra)
5. Si Kuya Rene (Bigyang pokus ang gamit ng malaking letra)

Tayahin

I.
1. pangungusap
2. parirala
3. pangungusap
4. pangungusap
5. parirala

II.
1. .
2. .
3. .
4. ?
5. !

Isaisip

1. tuldok
2. pananong
3. padamdam

Karagdagang Gawain

1. Nanguna si Karen sa klase.
2. Saan ka pupunta?
3. Ako ay nagbakasyon sa Tagum City.
4. Aray! Masakit ang ngipin ko.
5. Si Ana ay matalino at mabait.

Subukin

1. pandemya
2. a
3. b
4. c
5. video game
   doctor
   engineer
   street
   police
   cellphone

Balikan

| | |
|---|---|
| 1. | Martes |
| 2. | Juan Cruz |
| 3. | Disyembre |
| 4. | Diego Zamora |
| 5. | Durian Avenue |
| 6. | Bonifacio Street |
| 7. | South Boulevard |

Tuklasin I.

1. Sa Panahon ng Pandemya
2. Mang Kardo
3. CoViD19/Coronavirus Disease 2019
4. -Mananatili ako sa bahay.
   -Susunod sa mga patakaran ng gobyerno.
   (Iba pang naayon na sagot)

| | II | III |
|---|---|---|
| 1. | toothpaste | 1. Gng. |
| 2. | spaghetti | 2. Bb. |
| 3. | Flores Street | 3. G. |
| 4. | video game | 4. Mt. |
| 5. | Carl's Barbershop | 5. St. |

Pagyamanin

| I. | II. | III. |
|---|---|---|
| 1. Davao | 1. H | 1. Bb. |
| 2. tao | 2. SH | 2. Gng. |
| 3. Dindo | 3. SH | 3. Sr. |
| 4. Pilipinas | 4. H | 4. Prop. |
| 5. lugar | 5. SH | 5. Okt. |

Isagawa I

| | |
|---|---|
| 1. | watawat |
| 2. | Luzon |
| 3. | Filipino |
| 4. | palengke |
| 5. | Melchora Aquino |

| II | III |
|---|---|
| ink | 1. Dr. De Veyra |
| toothpaste | 2. Pang. Duterte |
| corned beef | 3. Sen. Go |
| East Avenue | 4. Hen. Dominggo |
| Mount Leonard | 5.Durian St. |

Tayahin

1. a
2. a
3. b
4. c
5. c

Karagdagang Gawain

I. Bigyang-pansin ang pagsulat sa tiyak na ngalan gamit ang malaking letra.

| | II. | III |
|---|---|---|
| 1. | Photocopier | 1. Dis. |
| 2. | Detergent | 2. St. |
| 3. | Cellphone | 3. Brgy. |
| 4. | Coronavirus Disease 2019 | 4. Peb. |
| 5. | Rowelyn's Inland Resort | 5. Gob. |

## *Sanggunian*

*Jabines, Angelika D. eds. Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro. Department of Education Pasig City: Studio Graphics Corp, 2017.*

*K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum. Department of Education Pasig City: Studio Graphics Corp, 2016.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph